

## Resolusyon ng Konseho ng Brampton at update sa By-law sign

BRAMPTON, ON (Enero 28, 2020) – Sa pagpupulong nito noong Enero 22, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay nagpasa ng resolusyon para limitahan ang pagpaskil ng mga karatula na tumutukoy, o naglalaman ng reperensya sa isang social media account o kandidato, habang hinihintay ang pagkumpleto ng pagrebyu ng Sign By-law ng Lungsod.

Ipinapahayag ng resolusyon:

Na sa kapakanan ng pagbalanse sa kalayaan sa pagsasalita na may biswal na landscape ng karatula sa Brampton, na ang paggamit ng mga karatula na tumutukoy sa isang piniling opisyal o kandidato (tumutukoy sa isang Miyembro ng Konseho, tanggapan ng probinsya o pederal, o kabilang ang isang litrato, website o link ng social media rito), ay hindi pinapahintulutan hanggang sa hindi pa tapos ang pagrebyu ng Sign By-law 399-2002 o kaya ay pinag-iisipan ng Konseho ang amendasyon dito.

Ang resolusyon na ito ay patuloy na nagpapahintulot sa pagpapaskil ng mga karatula na “slow down” habang ginagawa ng Lungsod ang isang komprehensibong pagrebyu sa Sign By-law ayon sa pahayag ng Lungsod sa Enero 9. Gayunpaman, ang anumang karatula na “slow down” o iba pang mga karatula na itinayo matapos ang Enero 22, 2020 ay kailangang sumunod sa resolusyon ng Konseho, kabilang sa kautusan na walang website na binanggit ang maaaring tutukoy sa isang piniling opisyal. Ang resolusyong ito ay patuloy sa pagpapahintulot ng pagpapaskil ng mga karatulang “please slow down”, na pinahihintulutan sa ilalim ng seksyon 8(4) ng Sign By-law. Ang eksemasyon na iyon ay inaprubahan noong 2002. Magpapatuloy ang Lungsod na gawin ang isang komprehensibong pagrebyu ng Sign By-law ayon sa pahayag ng Lungsod sa Enero 9.

Ang nasabing mga karatula ay kailangang patuloy rin na makakatupad sa lahat ng iba pang mga rekisito ng Sign By-law, kabilang ang kautusan na ang mga karatula ay dapat itayo sa pribadong propyedad (at hindi sa right-of-way ng daan), na limitado sa sukat na 4.3 square feet, at hindi maaaring itayo sa loob ng visibility triangle. Kailangang tingnan ng mga residente ang survey ng kanilang propyedad para kumpirmahin ang mga limitasyon ng mga boundary ng kanilang propyedad. Ang iba pang pangkalahatang mga regulasyon at pagbabawal ay makikita sa Seksyon 5 ng Sign By-law. Ang pagpapatalastas sa propyedad ng Lungsod, tulad ng Urban Furniture na pag-aari ng Lungsod, kabilang ang mga bus shelter, ay pinamamahalaan ng patakaran na aprubado ng Konseho na may kinalaman sa Pagpapatalastas sa Propyedad ng Lungsod at hindi sakop ng Sign By-law. Inaasahan ng Lungsod na ang resulta ng komprehensibong pagrebyu nito sa Sign By-law ay ipipresenta sa Konseho ng Lungsod sa bandang huli ng taong ito.

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)